# MGA KARAPATAN NG MGA PASYENTE PARA SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP



## Magkatulad ang mga legal na karapatan ng mga pasyente para sa kalusugan ng pag-iisip at ang mga karapatang tinitiyak para sa lahat ng tao ng Saligang-Batas at mga batas ng Estados Unidos at California

### MAYROON KANG KARAPATAN:

- **Magkaroon ng dignidad, pagkapribado at makataong pag-aalaga**
- **Hindi saktan, kabilang ang hindi kailangan o labis na pisikal na pagpipigil, gamot, pagkakalayo, pang-aabuso at kapabayaan**
- **Makatanggap ng impormasyon tungkol sa iyong pagpapagamot at sumali sa pagpaplano ng iyong pagpapagamot**
- **Pumayag o tumanggi sa pagpapagamot, maliban na lamang kung mayroong isang tinukoy na emergency ang batas o napagpasyahan ng batas ang kakulangan sa iyong kakayanan**
- **Sa mga serbisyo para sa mga kliyente na dinisenyo para matugunan ang iyong mga indibidwal na mga layunin, magkakaibang mga pangangailangan, alalahanin, kalakasan, motibasyon at mga kapansanan**
- **Sa pagpapagamot para madagdagan ang iyong kakayahan na mas malayang makakilos nang mag-isa**
- **Sa maagap na pangangalagang medikal at pagpapagamot**
- **Sa mga serbisyo at impormasyon sa wikang nauunawaan mo at sensitibo sa mga kultural na pagkakaiba-iba at mga espesyal na pangangailangan**
- **Itabi at gamitin ang iyong personal na mga gamit kabilang ang mga kagamitang pang-banyo**
- **Magkaroon ng indibidwal na lalagyan para sa iyong pribadong paggamit**
- **Magtabi at gumastos ng makatwirang halaga ng iyong sariling pera para sa mga simpleng bilihin**
- **Makatwirang makagamit ng telepono para kumpidensyal na makatawag at makatanggap ng mga tawag o di kaya'y humiling na ibang tao ang gumawa ng mga ito para sa iyo**
- **Magkaroon ng mga gamit para sa pagsusulat at mga stamps o selyo-magpadala ng sulat at makatanggap ng mga sulat na hindi binuksan**
- **Isuot ang sariling damit**
- **Makihalubilo, sumali sa mga aktibidad ng komunidad, sa mga pagkakataong makilahok sa mga pisikal na ehersisyo at libangan**
- **Makatanggap ng mga bisita araw-araw**
- **Makita at matanggap ang mga serbisyo ng isang patient-advocate na walang direktang klinikal o administratibong responsibilidad para sa taong tumatanggap ng serbisyong pangkalusugan para sa pag-iisip**
- **Maging malaya sa iyong relihiyosong paniniwala at gawain**
- **Sumali sa mga naaangkop na mga programang edukasyon na suportado ng publiko**
- **Hindi maipasailalim sa mga mapanganib na pamamaraan o procedure**
- **At sa lahat ng iba pang mga karapatang ibinigay ng batas o regulasyon**

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, KONTAKIN ANG IYONG LOCAL COUNTY PATIENTS' RIGHTS ADVOCATE:**

**Advocates Please Place Your Address & Phone Number Here**

KUNG HINDI MO MAKONTAK ANG IYONG LOCAL COUNTY PATIENTS' RIGHTS ADVOCATE, PWEDENG TAWAGAN ANG:

California Office of Patients' Rights1831 K Street, Sacramento, CA 95811-4114(916) 504-5810, http://www.disabilityrightsca.org/
Department of Health Care ServicesMental Health Services Division Ombudsman(800) 896-4042 or Email: mhombudsman@dhcs.ca.gov